| | |
|---|---|
| **Aralin 1** | **الدرس الأول** |

# Ang mga Batayan ng Pinaniniwalaan

## Ang Tawhíd at ang mga Uri Nito

Ang Tawhíd ay ang pagbubukod-tangi kay Allah sa anumang nauukol sa Kanya at sa anumang kinakailangang gampanan sa Kanya na mga uri ng pagsamba. Nagsabi Allah[1] (51:56): **"Hindi Ko nilikha ang jinn at ang tao kung hindi upang sambahin nila Ako."** Nagsabi pa Siya (4:36): **"Sambahin ninyo si Allah at huwag kayong mag-tambal sa Kanya ng anuman."** Ang Tawhíd ay tatlong uri: ang Tawhíd al-Ulúhíyah (Paniniwala sa Kaisahan sa Pagkadiyos), ang Tawhíd ar-Rubúbíyah (Paniniwala sa Kaisahan sa Pagkapanginoon) at ang Tawhíd al-Asmá' wa as-Sifát (Paniniwala sa Kaisahan sa mga Pangalan at mga Katangian).

### 1. Ang Tawhíd ar-Rubúbíyah

Ang Tawhíd ar-Rubúbíyah ay ang pagbubukod-tangi kay Allah sa **paglikha**, **pangangasiwa** sa Sandaigdigang ito, **pagtutustos**, **pagbibigay-buhay**, **pag-aalis-buhay** at **paghahari't pagmamay-ari** sa mga langit at lupa. Nagsabi Siya (35:3): **"May tagapaglikha bang iba pa kay Allah na nagtutustos sa inyo mula sa langit at lupa? Walang Diyos kundi Siya."** Sinabi pa Niya (67:1): **"Mapagpala Siya na nasa kamay Niya ang paghahari at Siya ay nakakakaya sa lahat ng bagay"** Ang paghahari ni Allah ay paghaharing sumasaklaw sa lahat ng nasa Sansinukob, ginagawa Niya rito ang ninanais Niya.

Tungkol naman sa pamumukod-tangi ni Allah sa pangangasiwa, tunay na si Allah ay namumukod-tangi sa pangangasiwa dahil Siya lamang ang nangangasiwa sa mga nilikha. Sinabi Niya (7:54): **"Tunay ngang ukol sa Kanya ang paglikha at ang pag-uutos. Mapagpala si Allah, ang Panginoon ng mga nilalang."** Walang nagkakaila sa uri ng Tawhíd na ito kundi ang mga abnormal sa mga tao. Ikinakaila nila ito sa salita sa kabila ng pagkilala nila nito sa kaibuturan ng kanilang mga puso, gaya nga ng sinabi ni Allah (27:14): **"At ikinaila nila ang mga tanda, samantalang natiyak ito ng kanilang mga sarili,…"**

---

[1] Ang mga talata ng Qur'an o mga Hadíth na sinipi rito ay salin lamang mula sa wikang Arabe ng kahulugan ng Salita ni Allah o ng salita ni Propeta Muhammad (SAS), ayon sa kakayahan ng tagapagsalin. Ang Tagapagsalin.